INTRODUKSIYON

# Subersibo Manaliksik sa Filipino

**CARLOS M. PIOCOS III, PH.D.**

Mahalagang basahin ang mga artikulo sa isyung ito ng **Daluyan: Journal ng Wikang Filipino** ng UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman sa konteksto ng panunupil ng estado sa malayang ekspresyon at mapanuring pag-iisip. Isang buwan matapos ang Buwan ng Wikang Filipino, inumpisahan nang purgahin ng rehiyonal na operatiba ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ang sinasabing subersibong mga libro't babasahin sa mga silid-aklatan ng state universities sa buong bansa. Isang malinaw na manipestasyon ng karahasan ng estadong takot sa malaya't kritikal na pag-iisip na pinagyayaman at nililinang ng mga aklat at babasahing ito na nais nilang ipagbawal sa mga kabataang Filipino. Hindi nalalayo ang mga ganitong akto sa iba't ibang galawan ng pasistang rehimen at utak-tingga't pulbura nitong mga galamay sa panunupil ng kalayaang mag-isip ng mamamayan, lalo na sa akademya at unibersidad ng bansa.

Sa ganitong marahas na panahon kung saan patuloy na nananaliksik ang mga iskolar ng bayan tungkol sa Filipino at Pilipinas, hindi malayong mabansagang subersibo ang kanilang mga ilalathalang pag-aaral. Sapagkat paano nga namang tatalakayin at masusing pag-aaralan ang wika, kultura at panitikan ng Pilipinas nang hindi ibinubunyag ang malalalim na problemang bumabalot sa mga larang na ito, pati na rin ang mga paraan ng pagsagot at pagtuligsa ng mga Pilipinong manunulat, artista, tagasalin at iskolar sa mga problemang ito sa kanilang larang. Paano iiwasang maging progresibo kung kubkob sa malalalim na usapin ng kapangyarihan at mardyinalisasyon ang mga tekstong ito? Paano magiging hindi subersibo kung ang pananaliksik sa wika, kultura at panitikang Filipino ay lagi't laging manghihikayat na maging kritikal sa nakapangyayaring naratibo ng estado?

Sa "**Neoliberalismo sa Edukasyon: Ang CMO blg. 20 s. 2013 Bilang Anti-Filipinong GE,**" masinsing pinag-aralan ni **Jonelle E. Marin** ang polisiya ng Commission on Higher Education (CHED) na CMO 20 s. 2013 na naglalatag ng panuntunan na nagtatanggal sa mga kursong Filipino sa bagong kurikulum ng General Education sa kolehiyo. Sa kaniyang pagsusuri gamit ang critical discourse analysis ni Fairclough ng nasabing memorandum, kasama na rin ang mga opisyal na pahayag at retorika ng CHED ukol sa polisiya, makikita ang malalim na lohika ng neoliberalismong nag-uugnay sa mga programang pang-edukasyon mula K-12 hanggang kolehiyo na nakatuon lamang sa global na demand ng lakas paggawa.

Iba naman ang lapit sa araling wika ni **Jem R. Javier** sa kaniyang artikulong, "**Komparatibong Pagsusuri ng Applicative/Causative Marking ng Bahasa Indonesia at Morphological Focus Marking ng Tagalog.**" Dito, pinag-aralan ni Javier ang lingguwistikang hambingan ng estruktura ng verbal sentence ng Bahasa Indonesia mula sa perspektiba ng morphological focus system ng Tagalog. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat nabubunyag ang pagkakatulad ng dalawang wika na may

malalalim na implikasyon sa pagtuturo at pagsasalin ng Bahasa Indonesia direkta sa Filipino. Mula rito, maaaring mapagyaman pa ang mga iskolarsyip sa lingguwistika, lalo't napagkakabit ang domeyn ng dalawang mahahalagang wika sa rehiyon ng Timog Silangang Asya.

Binabaybay naman ng ikatlo at ikaapat na sanaysay sa isyung ito ang panunuring pampanitikan, partikular ng mga nobelang naglalahad ng realidad ng kolonyalismo at neokolonyalismo sa Pilipinas. Sinuri ni **Christopher Mitch Cerda** ang tatlong akda ni Patricio Mariano na *Juan Masili o Ang Pinuno ng Tulisan* (1906), *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* (1908), at *Ang Tala ng Panghulo* (1913) sa kaniyang artikulong "**1872-1898: Uri at Kasarian sa Gitna ng Ekonomikong Pagbabago ng mga Huling Dekada ng ika-19 na Siglo sa mga Nobela ni Patricio Mariano**." Gamit ang tatlong nobelang nakatagpo sa huling dekada ng kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas, siniyasat ni Cerda ang usapin ng panlipunang uri at kasarian noong ika-20 siglo sa Pilipinas, gayundin ang pagtitilad ng kamalayang kasaysayan at kamalayang makabayan na mahihinuha sa mga akda ni Mariano.

Tekstuwal na politika rin ng panlipunang uri at kasarian ang ginalugad ni **E. San Juan, Jr.** sa kaniyang pag-aaral ng mga nobela ni Lualhati Bautista sa kaniyang artikulong "**Panimulang Pagsubok sa Interpretasyon ng Panulat ni Lualhati Bautista.**" Ngunit kaiba kay Cerda, pinag-aralan naman ni San Juan ang mga kontradiksyon ng uri at kasarian sa neokolonyal na kaayusan ng kontemporaneong Pilipinas mula sa salimuot ng naratibo ng babae bilang ina/asawa sa mga akda ni Bautista. Mula sa mga sulatin ng batikang feministang nobelista, tinalunton ni San Juan ang pagkamulat at pagkilos ng awtor at kaniyang mga karakter na nakaugat din sa historikal na pakikibaka ng kababaihan sa bansa.

Mahalagang interbensiyon naman sa larang ng Araling Pilipino ang huling dalawang artikulo sa isyung ito. Magkakabit-kabit ang heograpiya, kasaysayan, pag-aakda at pagbabansa sa parehong manuskrito na magkatulad ding tinatahak ang mga usapin sa rehiyon, kakabit ang mga mardyinalisadong mamamayang katutubo at mga nakikibaka sa kanayunan. Sa sanaysay na "**Hulagway ng Yutang Kabilin sa mga Mapa mula sa Lumad Bakwit Iskul: Isang Panimulang Pag-aaral**," dinalumat ni **Jose Monfred C. Sy** ang posibilidad ng pagbubuo ng "kontra-mapa" ng *yutang kabilin* o bayang tinubuan para sa mga bakwit na Lumad. Sa pagbanyuhay ng may-akda sa mga sulatin at alaala ng kaniyang respondents na kabataang Lumad na nasa Maynila, nailuluwal at naimamapa ang lunan ng lupang ninuno mula sa imahinaryo ng danas ng karahasan at militarisasyon at ang silay ng pag-asa ng muling pagbabalik at muling pag-aangkin sa kanilang lupa.

Naratibo, poetika at imahinasyon naman ng paglaban ang tinalakay ni **Karlo Mikhail I. Mongaya** sa kaniyang artikulong "**Pag-aakda ng Isla ng Panay Bilang Pook ng Paglaban: Ang mga Binalaybay ni Mayamor / Maya Daniel / Roger Felix Salditos**." Sa sanaysay na ito, ipinapakilala ng may-akda ang rebolusyonaryong manunulat sa Kabisayaan na si Roger Felix Salditos at pinag-aralan ang kaniyang mga tula o *binalaybay*. Sa pamamagitan ng paghahabi ng buhay ng makata at ang kaniyang mga akda, tinalunton ni Mongaya ang naratibo ng rebolusyonaryong kilusan sa Isla ng Panay at ang lugar ng panitikan sa pakikibaka ng masang anakpawis sa kanayunan. Mahalaga ring pag-aaral ng pagsasalin ang kaniyang sanaysay upang makita ang praktika ng literatura at wika sa parehong tradisyon ng panitikang katutubo at rebolusyonaryong panitikan mula sa rehiyon.

Sa bagong isyu na ito ng *Daluyan*, nawa'y mahikayat tayong huwag masindak sa terorismo ng estadong nais kitilin ang anumang hangaring mapagyabong ang kritikal na pag-iisip ng mamamayan. Lalo't maliwanag sa hanay ng mga akdang ito na patuloy lamang aabante ang hanay nating mga iskolar ng bayan at patuloy rin lamang sisigasig ang pananaliksik sa wika, kultura at panitikan ng Pilipinas dahil ganito naman talaga ang tatahaking landas ng uri ng iskolarsyip na makabayan at progresibo.